

# Mga Patnubay sa Paglalagay ng Label sa mga Naka-pack na Pagkain

## Anong Mga Pagkain ang Kailangang Lagyan ng Label?

- Ang lahat ng naka-pack na pagkain ay dapat lagyan ng label.
- Ang mga label ay dapat na nasa English.
- Kabilang sa naka-pack na pagkain ang mga sumusunod:
  - Mga item na inilalagay ng establisyimento ng pagkain sa bote, lata, karton, balot o bag para ibenta at kainin sa labas, tulad ng sa mga grocery store o merkado.
  - Mga item na binabalot ng establisyimento ng pagkain para ibenta, tulad ng mga sandwich o salad kit na ready-to-eat, pakete ng mga spice blend, binalot at nakaselyong tinapay, cookies, mga cake, donut, salsa, o mga pampalasa na nakalagay sa tub o jar.
- Pagbubukod: Ang pagkaing pinili ng mga customer bago ilagay sa supot o pack ay **hindi** na kailangang lagyan ng label, tulad ng karneng deli at inihanda nang salad, mga made-to-order sandwich, buong tinapay, mga cookie, cake, donut.

## Bakit Kailangang Lagyan ng Label ang Naka-pack na Pagkain?

- Upang malaman ng mga mamimili kung ano ang eksaktong nasa loob ng pakete.
- Upang maiwasan ang hindi totoong impormasyon, maling brand at paglalagay ng mapanganib na sangkap sa pagkain.
- Upang subaybayan ang simula ng paggawa.

## Anong Impormasyon ang Kailangan ng Lahat ng Label?

### Ang 5 Pangunahin:

1. Pangalan ng produkto / Pagtukoy
2. Kabuuang dami.
3. Mga sangkap, kabilang ang mga pangunahing allergen sa pagkain.
4. Pangalan at address ng negosyo.
5. Nutrition facts – kabilang ang dami ng paghain, nutrients, vitamins, at minerals.

### Mga halimbawa ng naka-pack na pagkain na kailangang lagyan ng label

(Na-pack na pagkain galing sa mga establisyimento ng pagkain, Grab-and-Go items)



### Mga halimbawa ng pagkain na hindi kailangang lagyan ng label

(Pagkaing pinili ng mga customer bago ilagay sa supot o pack)



## Ang Principal Display Panel (PDP)

- ❖ Ang principal display panel (PDP) ay ang harapan ng pakete at madaling makita ng mamimili sa panahon ng pagbili.
- ❖ Kasama sa PDP ang pagtukoy at ang kabuuang dami ng mga nilalaman.

### 1. Pagtukoy

- Ang karaniwan o kagawiang pangalan ng produktong laman ng pakete, tulad ng sabaw, cereal.
- Kung walang ibinigay na karaniwang pangalan, gumamit ng pangalan na tumutukoy dito, tulad ng “vanilla wafers”.
- Dapat nasa gitnang bahagi ng harapang label ng PDP.
- Dapat nasa **bold**, at madaling makita kaysa sa ibang print at picture.

### 2. Kabuuang dami ng mga nilalaman

- Ang dami ng pagkain sa lalagyan o pakete, nang hindi kasama ang packaging.
- Nakalista sa parehong U.S. at metric scales.
- Nakalista ayon sa kabuuang timbang (ounces, pounds, grams, kilograms...), o kabuuang dami (fluid ounce, pints, milliliters, liters...), o kabuuang nilalaman (bilang ng piraso).
- Matatagpuan sa mas mababang 30 porsyento ng PDP, na may minimum na taas na 1/16 pulgada.



## Ang Panel ng Impormasyon (Information Panel, IP)


- ❖ Ang panel ng impormasyon ay karaniwang matatagpuan sa kanan ng PDP.
- ❖ Kasama sa IP ang nutrition facts, listahan ng sangkap, at pangalan at address ng negosyo.

### 3. Listahan ng sangkap

- Ilista ang lahat ng sangkap sa pababang ayos (pinakamarami hanggang sa pinakakaunti) ayon sa timbang.
- Ilista ang lahat ng sangkap ayon sa kanilang karaniwan o kagawiang pangalan, tulad ng asukal (hindi sucrose).
- Kung mas mababa sa 2% ang timbang, maaaring banggitin ang sangkap sa dulo ng listahan, na isinasaad na "naglalaman ito ng 2% o mas kaunti pa ng."
- Ang anumang pangunahing 8 allergen ay dapat na ilista, kung mayroon man:
  - Gatas
  - Itlog
  - Isda
  - Crustacean shellfish (sabihin kung anong uri ng isda, tulad ng alimango, hipon, lobster...)
  - Mani
  - Mani na galing sa puno (sabihin kung anong uri ng mani, tulad ng almonds, coconut, atbp.)
  - Trigo
  - Toyo

### 4. Nutrition facts

- Isama ang dami ng paghahain, calories, at pangunahing nutrients ng pagkain.
- Kung kinakailangan, ilalagay ang nutrition facts panel sa itaas ng IP.
- Maaaring hindi na kailangang maglagay ng nutrition facts panel (Tingnan ang seksyon na **Pagbubukod**).
- **Hindi sinusuri ng NNPH ang katumpakan ng Nutrition label. Responsable ang negosyo sa pagbibigay ng tunay at tumpak na impormasyon.**



### 5. Pangalan at address ng negosyo

- I-print ang pangalan ng negosyo, lungsod, estado, at ZIP code ng manufacturer, packer, o distributor. Karaniwang nakalagay sa ibaba ng IP.

## Hindi na Kailangang Lagyan ng Impormasyon tungkol sa Nutrition Facts

Ang nakabalot na pagkain ay maaaring hindi na kailangang lagyan ng nutrition facts panel kung:

- ❖ Ginawa ng mga retailer na may taunang kabuuang benta na mas mababa sa \$500,000, o na may taunang kabuuang benta na pagkain patungo sa mga mamimili na mas mababa sa \$50,000 bawat taon.
- ❖ Ginawa ng maliliit na negosyo na may mas mababa sa 100 full-time na mga empleyado, at mas mababa sa 100,000 yunit ng produktong iyon ang ibinebenta sa Estados Unidos bawat taon.
- ❖ Ipinapadala nang maramihan at hindi ibinibenta sa mga mamimili nang maramihan.
- ❖ Hindi naglalaman ng makabuluhang dami ng anumang nutrient, tulad ng food coloring, pampalasa, tsa, kape.
- ❖ **Hindi** naglalaman ng nutrient content claim, tulad ng "low fat", "gluten free", "sugar free", "contains 100 calories", "heart healthy", atbp.
- ❖ Hindi kabilang ang mga hilaw na prutas, gulay, at isda

## Karagdagang Paglalagay ng Label

Depende sa proseso ng paghahanda ng pagkain, ang ilang uri ng pagkain ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon sa label, tulad ng:

- ❖ “Gamitin bago” petsa.
- ❖ Mga espesyal na tagubilin sa pangangasiwa sa mga produkto na nangangailangang ilagay sa refrigerator o freezer.
- ❖ Kabuuang porsyento ng juice sa mga produktong gawa sa prutas o gulay.
- ❖ Babala/mga disclaimer sa kalusugan tungkol sa mga hilaw at hindi pasteurized na produkto
- ❖ Mga direksyon sa paghahanda at paggamit ng mga gatas ng sanggol

## Mga masasanggunian

- ❖ Gabay sa Paglalagay ng Label sa Pagkain ng FDA: <https://www.fda.gov/regulatory-information/search-fda-guidance-documents/guidance-industry-food-labeling-guide>
- ❖ Northern Nevada Public Health Food Regulations: [https://www.NNPH.org/files/ehs/regulations/Food\\_Regs\\_12-08-2021.pdf](https://www.NNPH.org/files/ehs/regulations/Food_Regs_12-08-2021.pdf)

## May tanong? Makipag-ugnayan sa:

- ❖ Northern Nevada Public Health Food Safety Services sa pamamagitan ng pag-email sa [foodsafety@NNPH.org](mailto:foodsafety@NNPH.org); o,
- ❖ Tumawag sa front desk ng Northern Nevada Public Health Environmental Health Services sa 775-328-2434, option 8, para makipag-ugnayan sa isang inspektor.